Republika ng Pilipinas

KAGAWARAN NG EDUKASYON

Rehiyon XII

SANGAY NG PAARALANG LUNGSOD

_____ DISTRICT

Lungsod ng _____

IKAAPAT NA MARKAHANG PAGSUSULIT SA MAPEH IV

Pangalan : _____ Petsa : _____

Guro : _____ Iskor : _____

MUSIKA

Panuto : Sagutin ng TAMA o MALI. Kung mali isulat ang tamang sagot.

_____1. Ang awiting "Magtanim ay Di Biro" ay nasa tempong *presto.*

_____2. Ang *texture* ay nabubuo sa pag-awit ng 2-part vocal.

_____3. Ang o*stinato* ay ginagamit na pansaliw sa isang awitin. Binubuo ito ng mga rhythmic pattern na may kasamang *melody*.

_____4. Ang *rhythm* ay kalimitang isinusulat sa itaas ng pangunahing melody. Nagdadagdag ito sa texture ng awitin.

_____5. Magkasabay na inaawit o tinutugtog ang *harmonic interval.*

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

6. May paligsahan sa pag-awit sa inyong lugar. Ang contest piece ay 2-part vocal. Kung ang inyong paaralan ay sasali, ilang pangkat ang await sa paligsahan?
   a. isang pangkat b. dalawang pangkat c. tatlong pangkat d. apat na pagkat
7. Paano nakikilala ang texture ng isang awitin?
   a. sa paraan ng pag-awit c. sa uri ng awiting inaawit
   b. sa uri ng tinig ng umaawit d. sa dami ng tinig na umaawit
8. Paano inaawit ang *descant*?
   a. Inaawit pagkatapos awitin ang buong awit c. Inaawit bago awitin ang pangunahing melody
   b. Inaawit ng sabay sa pangunahing melody d. Inaawit pagkatapos awitin ang pangunahing melody
9. Paano inaawit ang *harmonic third interval?*
   a. inaawit ng isa-isa c. inaawit ng sabay
   b. inaawit ng salitan d. inaawt ng magkasunod
10. Sa paanong paraan nakikilala ang *texture* ng isang awitin o tugtugin?
    a. pagsulat b. pakikinig c. pagsalita d. paggalaw
11. Alin sa mga sumusunod ang nakakadagdag sa t*exture* ng awitin?
    a. descant b. rhythm c. isahang pag-awit d. payak na pag-awit
12. Paano inaawit ang "Ang Pilipinas Kong Mahal"?

a. mabilis b. madalang c. mabilis na mabilis d. katamtamag bilis

13. Sa paanong paraan maaaring ihambing ang *tempong presto*?
   a. paglakad ng pusa c. paglukso ng kangaroo
   b. pagtakbo ng kabayo d. paggapang ng pagong

14. Paano ilalarawan ang hulwarang ito?

   a. unison b. four-part vocal c. two-part vocal d. three-part vocal

15. Aling elemento ng musika ang maaaring ilarawan sa pamamagitan ng kilos ng katawan?
   a. texture b. descant c.. tempo d. ostinato

16. Alin sa mga ito ang may manipis na *texture*?
   a. duet b. choir c. orchestra d. solo singing

17. Lahat maliban sa isa ay nagbibigay ng makapal na *texture* sa Musika. Alin sa mga ito ang may manipis na t*exture*?
   a. round singing c. Madrigal Singers singing "Bahay Kubo"
   b. solo singing na a cappella d. solo singing with minus one accompaniment


18. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng *harmonic interval* na *thirds?*

SINING

Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat lamang ang titik sa patlang.

a. Lila	e. Estados Unidos	h. pagtatago
b. pagtatali ng tela	f. mag-isip at gumuhit ng sariling disenyo	i. matuwa
c. paglalala	g. gamitin ang matingkad at malamlam na kulay	j. papel
d. Tie Dyeing		

_____19. Anong kulay ang nabubuo kapag pinaghalo ang pula at asul sa pagtitina?
_____20. Saang bansa pinangalanan ang prosesong tie-dyeing?
_____21. Alin ang hindi nagpapakita ng pagpapahalaga sa iba't ibang likhang sining?
_____22. Ano ang pangunahing hakbang sa tie-dyeing?
_____23. Paano lilitaw ang magandang disenyo sa paglalala?
_____24. Anong dapat mong gawin upang mapaunlad ang iyong kakayahan sa paglikha ng isang sining?
_____25. Ano ang dapat mong maramdaman kapag pinuna ang iyong tinapos na gawaing sining?
_____26. Ang inyong guro ay magpapagawa ng banig. Anong pamamaraan ang dapat mong gawin?
_____27. Alin ang maaaring gamitin sa paglalala?
_____28. Anong uri ng sining ang ginagawa sa pamamagitan ng paglalagay ng kulay sa tela gamit ang tina?



EDUKASYONG PANGKATAWAN

Panuto: Pagtatapat-tapat. Hanapin ang kahulugan ng mga salita sa Hanay A na nasa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

A	B
_____29. Isang masiglang sayaw na nagmula sa Cabugao, Ilocos Sur	a. Vertical Jump
_____30. Pagsubok na pinatatatag ang puso sa tuloy-tuloy	b. 3-Minute Step Test

Na paghakbang

_____31. Liksi ng pagkilos habang tumatakbo at naglilipat ng Kahoy mula at patungo sa itinakdang lugar — c. Ba-Ingles

_____32. Puwersa na maibubuhos sa pagtalon ng mataas — d. Shuttle Run

Panuto: Pag-iisa-isa. Ibigay ang anim (6) na sangkap ng skills-related fitness

33. _____ 36. _____

34. _____ 37. _____

35. _____ 38. _____

EDUKASYONG PANGKALUSUGAN

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

_____39. Anong ahensiya ang nag-aaral ng panahon at nagbibigay ng signal upang malaman ang lakas at bugso ng hangin dala ng bagyo?

a. DOH b. DILG c. DOST d. PAGASA

_____40. Kapag ang bagyo ay may lakas at bugso ng hangin na umabot sa 61-100 kph, nasa anong Signal Bilang ang bagyo?

a. 1 b. 2 c. 3 d. 4

_____41. Anong ahensiya ang nagtatakda kung gaano kalakas ang lindol?

a. DILG b. MMDA c. PAGASA d. PHILVOCS

_____42. Sina Mang Raul ay nakatira malapit sa Bulkang Mayon. Ano ang dapat niyang gawin?

a. Mamasyal sa paligid
b. Gumawa ng malaking bahay
c. Makipag-usap sa kapitbahay
d. Alamin ang ligtas na lugar para lumikas

_____43. Alin ang mapanganib na pagyanig ng lupa na maaaring dahilan ng pagbagsak ng malalaking gusali?

a. baha b. bagyo c. lindol d. sunog

_____44. Alin ang isinasagawa sa paaralan o gusali upag maiwasan ang anumang sakuna kung may lindol?

a. Fun run b. Athletic meet c. Earthquake drill d. Nutrition program

_____45. May naamoy kang tagas ng gasul sa bahay. Ano ang nararapat mong gawin?

a. sindihan ang kalan
b. isara ang mga bintana
c. isawalang bahala lamang
d. buksan ang bintana at pinto

_____46. May nag-aaway na mga lasing na may mga armas o patalim. Ano ang iyong gagawin?

a. Awatin sila
b. kunan ng litrato
c. lumayo sa kanila
d. tawagin ang kapitbahay

_____47. Aksidenteng naputukan ng labentador ang kamay ng iyong kalaro. Anong paunang lunas na dapat mong gawin?

a. balutin
b. hugasan
c. magtago
d. sumigaw

_____48. Ang bagyo ay nasa Signal No. 1, anong antas ng mag-aaral ang otomatikong walang pasok sa paaralan?

a. preschool
b. kolehiyo
c. mataas na paaralan
d. mababang paaralan

_____49. Lumindol sa inyong lugar. Anong ahensiya ng pamahalaan ang mabilis na tutugon upang matulungang iligtas ang mga biktima?

a. Pulis
b. Barangay
c. NDRRMC
d. Barangay Tanod

_____50. Nasa loob ka ng bahay at naabutan ka ng lindol. Ano ang iyong gagawin?

a. Tawagin ang Nanay
b. Sumigaw at umiyak
c. Tumalon sa bintana
d. Sumilong sa matatag na mesa

IKAAPAT NA MARKAHANG PAGSUSULIT SA MAPEH IV

SUSI SA PAGWAWASTO

MUSIKA

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Mali-descant
5. Tama
6. B
7. D
8. B
9. C
10. B
11. A
12. B
13. B
14. C
15. C
16. D
17. B
18. A

SINING

19. A
20. E
21. H
22. B
23. G
24. F
25. I
26. C
27. J
28. D

P.E

29. C
30. B
31. D
32. A
33. BALANCE/BALANSE
34. AGILITY/LIKSI
35. COORDINATION/KOORDINASYON
36. POWER
37. SPEED/BILIS
38. REACTION TIME

HEALTH

39. D
40. B
41. D
42. D
43. C
44. C
45. D
46. C
47. B
48. A
49. C
50. D

IKAAPAT NA MARKAHANG PAGSUSULIT SA MAPEH IV

TALAAN NG ISPESIPIKASYON

Nilalaman	Bilang ng Araw na Itinuro	Bahagdan %	Bilang ng Aytem	Kinalalagyan ng Aytem
MUSIKA				
1. Nakatutugon sa *tempo* ng awitin ayon sa kilos o galaw	2	4%	1	15
2. Natutukoy ang katawagan sa sumusunod na *tempo*: mabilis-*presto*, mabagal-*largo*	2	4%	3	1, 12, 13
3. Natutukoy sa pamamagitan ng pakikinig ang *texture* ng awitin/tugtugin	2	4%	1	7
4. Natutukoy ang *ostinato* ng awitin sa pamamagitan ng pakikinig at pagbabasa	2	4%	1	3
5. Natutukoy ang *descant* ng awitin sa pamamagitan ng pakikinig at pagbabasa	2	4%	3	4, 8, 11
6. Nakikilala sa pamamagitan ng pakikinig at pagbabasa ang mga halimbawa ng *2-part vocal or instrumental music*	3	6%	6	2, 5, 6, 14, 16, 17
7. Natutukoy ang harmonic interval (2 pitches) ng isang awitin	3	6%	3	9, 10, 18
TOTAL	**16**	**32%**	**18**	
SINING				
1. Disenyo sa Tela	3	6%	5	19, 20, 21, 22, 28
2. Iba't ibang disenyo sa paglalala	3	6%	4	23, 24, 25, 27
3. Mga Disenyo ng Banig	3	6%	1	26
TOTAL	**9**	**18%**	**10**	

Nilalaman	Bilang ng Araw na Itinuro	Bahagdan %	Bilang ng Aytem	Kinalalagyan ng Aytem
EDUKASYONG PANGKATAWAN				
1. Pagpapanatili at pagpapaunlad ng Physical Fitness	3	6%	6	33, 34, 35, 36, 37, 38
2. Pangunahing Kaalaman sa Sayaw na Ba-Ingles	3	6%	1	29
3. Ang pagsubok sa mga Sangkap ng Physical Fitness (Post Test)	5	10%	3	30, 31, 31
TOTAL	**11**	**22%**	**10**	
EDUKASYONG PANGKALUSUGAN				
1. Mga uri ng Kalamidad sa Aking Komunidad	4	8%	5	39, 40, 41, 43, 48
2. Sa Panahon ng Kalamidad Sakuna at Kagipitan	4	8%	3	45, 47, 49
3. Mas Ligtas Kung Laging Handa	3	6%	3	42, 44, 50
4. Piliin ang Tama, Umiwas sa Masama	3	6%	1	46
TOTAL	**14**	**28%**	**12**	
GRAND TOTAL	**50**	**100%**	**50**	